Spotlight Initiative
To eliminate violence against women and girls

16 Batayan ng de-kalidad na serbisyo para sa Kababaihang OFW na nakararanas ng karahasan at nahaharap sa panganib

Ang **"Safe and Fair: Realizing women migrant workers' rights and opportunities in the ASEAN region (2018-2022)"** ay bahagi ng multi-year programa ng European Union at United Nations na Spotlight Initiative to Eliminate Violence against Women and Girls. Ang programa ay ipinatutupad ng International Labour Organization at UN Women sa tulong ng United Nations Office on Drugs and Crime (UNODC). Layon nitong maibsan ang bulnerabilidad ng Kababaihang OFW (Overseas Filipino Workers) sa karahasan at pananamantala at dagdagan ang kanilang access sa maayos at mabilis na serbisyong de-kalidad.

Tinutukoy ng brief na ito ang 16 batayang prinsipyo upang matiyak ang maayos at de-kalidad na tugon sa karahasan laban sa mga Kababaihang OFWs. Ang brief na ito ay para sa mga tagapagbigay-serbisyo (service provider) sa mga Kababaihang OFWs sa mga destinasyong bansa. Kung kinakailangan, ipaliliwanag ng brief ang mga katungkulan ng mga tagapag-serbisyo sa bansang pinagmumulan ng mga manggagawa (bago umalis ang Kababaihang OFWs o pagbalik nila).



Photo: ILO/J. Aliling

Pangkalahatan

1. **Language/Wika:** Magbigay ng nakasulat at pasalitang komunikasyon para sa lahat ng batayang serbisyo sa sariling wika ng survivor. Kung pasalitang pagsasalin o interpretasyon ang ibinibigay, kumuha propesyunal na tagasalin o interpreter upang masiguro ang ganap na pang-unawa sa ibinabahaging impormasyon.
2. **Interpretation/Interpretasyon:** Tiyaking may lalaki at babaeng tagasalin o interpreter. Sanayin ang mga interpreter na gumamit ng wika na sensitibo sa kultura, hindi naninisi sa biktima, at nagpapakita ng pang-unawa sa karahasan laban sa kababaihan at migrasyon (kabilang ang trafficking, kung kailangan) na angkop sa pamamaraang nakatuon sa survivor (survivor-centered approach). Kailangang igalang ng mga interpreter ang confidentiality o hindi pagsisiwalat ng impormasyon. Hindi maaaring magsilbing interpreter ang mga taong may direktang kapangyarihan sa survivor.
3. **Cultural Sensitivity/Karunungang Kultural:** Sanayin ang mga tagapagbigay-serbisyo (sa kalusugan, hustisya at kapulisan, serbisyong sosyal) tungkol sa mga serbisyong angkop sa iba't ibang kultura upang matugunan ang maraming sikolohikal, pisikal, at sosyal na pangangailangan ng Kababaihang OFWs, lalo na silang nakararanas ng karahasan mula sa kanilang mga asawa o karelasyon (domestic violence) at karahasang seksuwal (sexual violence).
4. **Confidentiality/Pangangalaga sa Impormasyon :** Tulungan ang mga biktima o survivor na maiwasan ang diskriminasyon sa kanilang pagbabalik. Kapag iniuugnay sila sa mga serbisyo sa kanilang mga inuuwiang komunidad, tiyakin na agarang support system (pamilya at malalapit na kaibigan) lamang nila ang nakakaalam tungkol sa kanilang kalagayan. Sundin ang prinsipyo ng pagbabahagi ng impormasyon nang may kaalaman at pahintulot ng biktima o survivor.
5. **Data Collection/Pagtipon sa Datos:** Gawing posible ang paghihiwa-hiwalay ng datos ayon sa bansang pinagmulan ng biktima o survivor, kasarian at gender identity, at uri ng karahasang naranasan. Tukuyin kung sino ang responsable para sa taunang pag-uulat at itakda ang mga prosesong tumitiyak sa confidentiality o pangangalaga ng impormasyon. Hindi na kailangang itala ang impormasyon ukol sa kalagayan ng migrante dahil baka ilagay pa nito ang survivor sa balag ng alanganin katulad ng deportasyon.
6. **Accessibility and Availability of Services/Abot-Kayang Serbisyo:** Magbukas ng mga serbisyo sa angkop na mga lugar (mga palengke o iba pang sityo kung saan nagtitipon ang Kababaihang OFW) at angkop na mga oras katulad ng Sabado/Linggo o pagkatapos ng trabaho, nang may pagsasaalang-alang sa mga responsibilidad sa pang-aalaga ng kababaihan. Magbukas ng mga hotline o iba pang pamamaraan ng komunikasyon nang may iba't ibang wika ng survivors.
7. **Appropriate Support Person/Angkop na Katuwang:** Iugnay ang sa mga survivor sa katuwang (support person) na tutulong sa pag-ibsan ng stress at kalituhan na maaaring maranasan kapag sumusubok gumamit ng mga di-kilalang serbisyo.

1. Ang 16 Batayan ay hango sa Essential Services Package for Women and Girls Subject to Violence – isang instrumentong binuo ng UN Women, UNFPA, WHO, UNODC at UNDP na tumutukoy sa mga batayang prinsipyo ng pangangalaga at serbisyo ng mga sektor na pangkalusugan, serbisyong sosyal, kapulisan at hustisya, at mga tagapag-ugnay upang gabayan ang mga tugon ng iba't ibang sektor sa karahasan laban sa kababaihan (VAW). Lahat ng batayang prinsipyo ng pangangalaga at serbisyo ay angkop sa Kababaihang OFW. Ang 16 Batayan ay nakatuon sa mga susing isyu upang masiguro ang de-kalidad na mga pangunahing serbisyong para sa Kababaihang OFW na nakararanas ng VAW.

Coordination / Pakikipag-ugnayan

8. **International Coordination/Pandaigdigang Pakikipag-ugnayanl:** Isulong ang mga koneksiyon o ugnayan ng mga bansang nagpapadala at tumatanggap ng migranteng manggagawa sa pamamagitan ng mga kasunduang rehiyonal, multilateral at/o bilateral, at kasama ang mga sangkot na embahada o mga ahensiya ng UN, upang matiyak na abot-kaya at maayos ang mga batayang serbisyo sa destinasyong bansa at pagkabalik sa inuuwiang bansa.
9. **Cross-Sectoral Coordination/Sektoral na Pakikipag-ugnayan:** Bumuo ng mga koneksiyon o ugnayan sa mga tagapagbigay-serbisyo na nakikipagtulungan sa mga biktima at survivor ng VAW at trafficking, at sa Kababaihang OFWs upang matiyak na abot-kaya, at maayos ang mga batayang serbisyo.

Health/ Kalusugan

10. **Health Information/Kaalamang Pangkalusugan:** Gawing available ang mga impormasyon ukol sa serbisyong pangkalusugan (libre, medico-legal na pagsusuri, agarang pangangailangang pangkalusugan, kalusugang seksuwal at reproduktibo) sa mga lugar ng kababaihan katulad ng mga pabahay, palengke, at lugar na pinagtatrabahuhan. Gumamit ng wikang naiintindihan ng migranteng kababaihan at ipaalam sa kanila agad ang anumang negatibong implikasyon ng paggamit sa mga serbisyong pangkalusugan katulad ng mandatory na pagre-report sa pulis ng mga migranteng walang dokumentasyon. Ibahagi sa mga biktima o survivor ang impormasyon ukol sa mga ligtas na alternatiba (hal. mga serbisyo ng NGOs).

Police and Justice / Kapulisan at Hustisya

11. **Legal Support/Suportang Legal:** Magbigay ng suportang legal sa lahat ng biktima o survivor ng karahasan laban sa kababaihan. Kasama rito ang pagbibigay ng impormasyon sa pangungolekta ng sahod at pagtulong sa legal na dokumentasyon. Magbigay at maniguro ng mga remedyo o lunas sa lugar na pinagtatrabahuhan at kaugnay ng mga batas na sibil, kriminal, at paggawa (labour) kasama na ang mga remedyo o lunas na tumutugon sa karahasan. Patuloy na magbigay ng suporta sa pagtatapos ng mga prosesong legal sa destinasyong bansa kahit na uuwi na ang babae sa sariling bansa.
12. **Legal Options/Implications:** Dapat alam ng mga biktima o survivor ang mga pamamaraang legal at prosesong pangkatarungan, katulad ng pagsasampa ng reklamo o kaso, at kung may mga pagkakaiba sa proseso para sa mga babaeng hindi residente ng isang bansa. Una nang ipaalam sa mga survivor kung may mga legal at negatibong implikasyon sa kanila ang pagre-report ng karahasan.

Photo:UN Women/Josef Andreas Oswald

Social Services/ Serbisyong Sosyal

13. **Service Provider Knowledge/Propesyunal na Kaalaman:** Dapat may propesyunal na kaalaman ang mga tagapagbigay-serbisyo tungkol sa tamang pagtugon sa Kababaihang OFW na nakaranas ng karahasan. Kabilang na rito ang pag-unawa sa mga takot ng babae kaugnay ng kanyang kalagayan bilang migrante at kung paano makapagbibigay ng angkop na pangangalaga at kasiguraduhan (reassurance) kapag inirereport ng kababaihan ang karahasan. Mahalagang nauunawaan ng mga tagapagbigay-serbisyo ang marami at magkakaugnay na anyo ng diskriminasyon na kinakaharap ng kababaihan batay sa kanilang estado bilang migrante, bansang pinagmulan, relihiyon, lahi, kasarian o gender identity, trabaho at iba pag salik, at, kung gayon, ang mas maigting na posibilidad ng karahasan na kinakaharap ng kababaihang nasa laylayan.
14. **Psycho-Social Support and Counselling/Suportang Sikolohikal at Counseling:** Madalas na nahihiwalay ang Kababaihang OFW sa kanilang mga tagasuporta o support systems (hal. pamilya, kaibigan). Bahagi ng batayang suporta na psychosocial ang pagbibigay ng referrals sa mga grupong sumusuporta at ang pagtulong sa mga survivor na bumuo ng kanilang network. Bantayan ang mga banta sa kababaihan batay sa kasarian, kultural at panlipunang kaugalian sa karahasan, posibleng diskriminasyon ng komuninad, at mga isyu patungkol sa pagsisiwalat ng impormasyon, maging sa kanilang pag-uwi.
15. **Shelter/Safety/Tutuluyan/Kaligtasan:** Dahil hiwalay sa pamilya at kaibigan ang Kababaihang OFWs na biktima o survivor ng karahasan, mahalagang agarang access sa ligtas, at libreng na tutuluyan nila at ng kanilang mga anak. Mahalagang tandaan na maaari ring maging bahagi ng pamayanang migrante ang mga salarin kaya hindi laging angkop na humingi ng saklolo sa lokal na lugar.
16. **Economic Support/Suportang Ekonomiko:** Magbigay ng pansamantalang tulong na ekonomiko sa mga biktima o survivor para sa mga pangunahing pangangailangan at tutuluyan. Siguruhing maabot nila ang mga serbisyong tumitiyak na laging mapangangalagaan ang dignidad ng Kababaihang OFW at na hindi magbibigay-daan sa higit na karahasan, harassment, at abuso sa biktima o survivor ang tulong na ekonomiko.

#SpotlightEndViolence #SafeandFair

spotlightinitiative.org